ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 9| September 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

# AKSYONG 4Ps (PAGSULAT, PAGSURI AT PAGBIGAY NG PIDBAK): ISANG INTERBENSYON SA PAGHASA SA KAHUSAYANG PANGGRAMATIKA SA WIKANG FILIPINO

**Robert L. Miranda[1], Rhea P. Pait[2], Mailyn L. Reynancia[3], Jaiah Marie Ado[4], Mary Dimple Arcite[5], Lynde Reputana[6], Decy D. Esclares, MAEd[7]**

*[1]ORCID No. 0009-0007-1941-9767*
*Student, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Maniki, Kapalong, Davao del Norte, Philippines*
*[2]ORCID No. 0009-0004-7366-4286*
*Student, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Maniki, Kapalong, Davao del Norte, Philippines*
*[3]ORCID No. 0009-0000-5646-1330*
*Student, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Maniki, Kapalong, Davao del Norte, Philippines*
*[4]ORCID No. 0009-0005-4058-9803*
*Student, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Maniki, Kapalong, Davao del Norte, Philippines*
*[5]ORCID No. 0009-0004-9890-2068*
*Student, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Maniki, Kapalong, Davao del Norte, Philippines*
*[6]ORCID No. 0009-0007-1579-2003*
*Student, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Maniki, Kapalong, Davao del Norte, Philippines*
*[7]ORCID No. 0009-0007-1579-2003*
*Master Teacher, Asuncion National High School Cambanogoy, Asuncion, Davao del Norte, Philippines*

**Article DOI:** https://doi.org/10.36713/epra18281
**DOI No: 10.36713/epra18281**

## ABSTRAK

*Ang pag-aaral na ito ay isinagawa upang alamin ang antas ng kahusayang panggramatika sa wikang Filipino bago at pagkatapos ipatutupad ang interbensyong Aksyong 4Ps (Pagsulat, Pagsuri at Pagbigay ng Pidbak). Kabilang din pagtukoy sa makabuluhang pagkakaiba sa kahusayang panggramatika sa wikang Filipino bago at pagkatapos ipatutupad ang interbensyong Aksyong 4P's. Ang pananaliksik na ito ay ginamitan ng pre-experimental na disenyo. Ang mga respondente ay kinapalooban ng 42 na mga mag-aaral mula sa baitang 10 – seksyon Rizal ng Asuncion National High School. Sa resulta ng pag-aaral, kahusayang panggramatika bago ang ipinatupad ang interbensyon ay may kabuoang mean na 4.14, ibig sabihin madalas lamang itong naipapakita. Samantala, pagkatapos naman ipinatupad ang interbensyon ay may kabuoang mean na 4.49, ibig sabihin na laging na itong naipapakita. Ipinakita rin sa pag-aaral na ito na may makabuluhang pagkakaiba ang kahusayang panggramatika bago at pagkatapos ng interbensyon dahil sa < .001 na p-value. Nangangahulugan lamang na may malaking papel na ginagampanan ang interbensyong Aksyong 4Ps (Pagsulat, Pagsuri at Pagbigay ng Pidbak) sa pagpapaunlad ng kahusayang panggramatika ng mga mag-aaral.*

**MGA SUSING SALITA**: *kahusayang panggramatika, pre-experimental, kwantitatib*

## INTRODUKSYON

Ang Aksyong 4P's (Pagsulat, Pagsuri at Pagbigay ng Pidbak) ay isang interbensyon na naglalayong mahasa ang kasanayan sa gramatika ng mga mag-aaral na may kakulangan sa aspektong ito ng kanilang edukasyon. Ito ay isang solusyon upang matugunan ang pangangailangan ng mga mag-aaral sa wastong gamit ng balarila sa Filipino. Sa pamamagitan aktibidad na ito ay pauunlarin ang kahusayan ng mga mag-aaral sa balarila. Ang kawalan ng sapat na kaalaman sa gramatika ay maaaring magresulta sa hindi malinaw na pagsusulat at pagpapahayag. Kaya upang matulungan ang mga mag-aaral na bumuo ng tamang balarila sa Filipino, mahalaga na ang mga guro ay maging malikhain at mapamaraan sa pagtuturo ng wastong mga balarila nang mabisang magamit ng mga mag-aaral sa gawaing pang-akademiko (Misa, 2021).

Sa bansang Iraq, lumalabas na sa kabila ng lubos na pagsisikap ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng gramatika, nahihirapan pa rin sila na ilapat ang kanilang natutunan sa kanilang wika. Bagama't alam nila ang mga prinsipyo ng gramatika, nahihirapan silang mailapat ang mga ito nang epektibo sa pagsasalita at pagsulat. Madalas ding hindi pinapansin ng mga mag-aaral ang balarila dahil mas nababahala sila sa pagsasalita

at bokabularyo. Ang mga mag-aaral ay higit na nakatuon sa pagsasalita at pakikinig kaysa sa gramatika at pagsulat dahil naniniwala sila na ang mga kakayahang ito ay mas mahirap at mahalaga (Najat, 2020).

Sa Pilipinas, partikular sa Ikasiyam na baitang ng Laboratory High School ng President Ramon Magsaysay State University, nahihirapan ang mga mag-aaral sa paggamit ng wastong gramatika partikular sa pagsulat ng isang artikulo, sanaysay lalong lalo na sa paggamit ng mekaniks at lohikal na organisasyon sa pagsulat. Mula sa kinalabasan ng pag-aaral iminumungkahi ng mananaliksik na pag-ibayuhin ng mga guro sa Filipino na maging mapamaraan at malikhain pagtuturo ng wasto at angkop na gamit ng salita sa loob ng pangungusap upang malinang sa kanila ang kawastuhan sa gramatikang Filipino nang magamit nila ito ng maayos sa kanilang kasanayang pasalita at pasulat (Misa, 2021).

Sa Division ng Davao del Norte, partikular sa Asuncion National High School, ang kahusayang panggramatika sa wikang Filipino ang isa sa makabuluhang problema ng mga guro sa Filipino. Kadalasan sa mga mag-aaral ay nahihirapan sa pagpapahayag ng ideya sa pasulat na pamamaraan. Ang problema sa paggamit ng wastong gramatika sa Filipino sa pagsusulat ng mga mag-aaral ay maaaring humantong sa hindi malinaw na pagbabahagi ng ideya. Kapag may mga pagkakamali sa gramatika, maaaring mawalan ng kahulugan ang isinasaad na mensahe. Ang maaaring sanhi nito ay ang kakulangan sa pag-unawa sa mga pangunahing pamantayan sa wastong paggamit ng gramatika hanggang sa kahirapan sa paglikha ng mabisang mensahe bunsod ng kawalan ng sapat na kaalaman sa gramatika sa asignaturang Filipino. Sa kabila ng pamamaraang pagtuturo ng mga guro upang bigyang suporta at oportunidad ang mga mag-aaral na mapabuti ang kanilang kahusayan sa gramatika sadyang hindi pa ito sapat para mapaunlad ang kahusayang panggramatika sa wikang Filipino ng mga mag-aaral.

Ang suliraning kinahaharap ng mag-aaral ay nararapat na mabigyang-pansin sa pamamagitan ng pananaliksik upang magbigyan agad ng solusyon. Ito ay mahalaga sapagkat sa pamamagitan ng pagkakaroon ng maayos na kahusayang panggramatika sa wikang Filipino, ang mga mag-aaral ay mas magiging epektibo hindi lamang sa mahusay na pagsusulat ng isang talata o sanaysay kundi magiging makabuluhan din sa kanilang pang-akademikong pag-unlad. Mahalaga ang pagbigay ng sapat at agarang interbensyon upang maiwasto ang hindi wastong kasanayan sa paggamit ng salita sa pamamagitan ng paghubog gamit ang makabagong aktibidad na tugma sa interes at kakayahan ng mga mag-aaral.

**Layunin ng Pananaliksik**

Ang layunin ng pananaliksik sa ibaba ay gagamitin upang alamin ang bisa ng Aksyong 4Ps (Pagsulat, Pagsuri at Pagbigay ng Pidbak) bilang interbensyon sa paghasa ng kahusayang panggramatika ng mga mag-aaral sa ika-10 na baitang. Ang mga katanungan sa pananaliksik na magiging gabay sa pag-aaral na ito ay ang mga sumusunod:

**Mga Katanungan sa Pananaliksik**

1. Tukuyin ang antas ng kahusayang panggramatika sa wikang Filipino bago ipatutupad ang interbensyong Aksyong 4Ps batay sa:
   1.1 pagbasa,
   1.2 pagsulat,
   1.3 pagsasalita,
   1.4 pakikinig, at
   1.5 pag-unawa.
2. Tukuyin ang antas ng kahusayang panggramatika sa wikang Filipino pagkatapos ipatutupad ang interbensyon batay sa:
   2.1 pagbasa,
   2.2 pagsulat,
   2.3 pagsasalita,
   2.4 pakikinig, at
   2.5 pag-unawa.
3. Suriin ang makabuluhang pagkakaiba ng kahusayang panggramatika sa wikang Filipino bago at pagkatapos ipatutupad ang interbensyon.

**Haypotesis**

Ang null haypotesis na kung saan ay sinukat sa 0.05 na antas ng katiyakan ay nagsasaad na walang tiyak na pagkakaiba sa kahusayang panggramatika sa Wikang Filipino bago at pagkatapos ipatutupad ang interbensyong Aksyong 4Ps (Pagsulat, Pagsuri at Pagbigay ng Pidbak).

## METODO

**Disenyo**

Ang pre-eksperimental na disenyo ay isang pinakasimpleng anyo ng disenyo ng pananaliksik na sumusunod sa mga batayang hakbang sa eksperimento. Hindi ito nagtataglay ng mga grupong paghahambingan, bagkos isang grupo lang ang nilalapatan ng tiyak na paggamot. Layunin nito ay upang matukoy ang interbensyon ng mananaliksik sa isang grupo ng mga tao upang malaman kung ang pagg-aaksaya ng oras at pundo para isagawa ang tunay na eksperimento ay makabuluhan.

Sa pag-aaral na ito, ang pre-experimental ay gagamitin bilang disenyo ng pananaliksik upang magsagawa ng aksyon na pananaliksik. Ang mananaliksik ay pipili ng isang seksyon na magiging respondente sa pag-aaral at ito ay ang ikasampung baitang ng Asuncion National High School. Ang seksyong natalaga ay kukuha ng pre-test na tatanggap ng treytment o interbensyon na pinamagatang Aksyong 4P's (Pagsulat, Pagsuri at Pagbigay ng Pidbak) sa loob ng isang buwan, pagkatapos ay kukuha ng post-test pagkatapos ng interbensyon.

**Lokal ng Pananaliksik**

Ang pag-aaral na ito ay isasagawa sa Asuncion National High School, isang sekondaryang pampublikong paaralan na matatagpuan sa Cambanogoy, Asuncion, Davao del Norte. Sa paaralang ito, maraming mga mag-aaral ang nakaranas ng mga kahirapan sa paggamit ng wastong gramatikang Filipino. Mayroon ding nakilalang mga mag-aaral na may kahirapan sa paggamit ng wastong balarila lalo na sa mga mag-aaral sa ikasampung baitang.

**Populasyon at Sampol**
Ang mga respondente ng pananaliksik para sa pag-aaral na ito ay ang mga mag-aaral sa seksyon Rizal ng ikasampung baitang na may kabuong bilang na 42. Ang mga respondente ay binubuo ng isang seksyon lamang na kasalukuyang nakatala sa taong panuruan 2023-2024 sa Asuncion National High School.

Ang mga respondente ay pinili gamit ang purposive sampling na tumutukoy sa isang grupo ng mga teknik ng non-probability sampling kung saan ang mga yunit ay napili dahil mayroon silang mga katangian na kailangan sa sampol. Sa ibang salita, ang mga yunit ay napili "nang sadya" sa purposive sampling. Tinatawag din itong judgmental sampling, ang pamamaraang ito ng sampol ay umaasa sa pagpapasya ng mananaliksik sa pagtukoy at pagpili ng mga indibidwal, mga kaso, o mga pangyayari na maaaring magbigay ng pinakamahusay na impormasyon upang maabot ang mga layunin ng pag-aaral (Nikolopoulou, 2023).

**Instrumento ng Pananaliksik**
Ginamit ng mananaliksik ang mga talatanungang mula sa pinagbatayang pag-aaral ni Eslit (2023). Ang unang talatanungan ay sinuri ang mga kahusayang panggramatika ng mga respondente sa baitang-10 batay sa mga sumusunod na indikeytor: pagbasa, pagsulat, pagsasalita, pakikinig at pag-unawa. Ang mga talatanungang ginamit ay sumailalim muna sa masusing balidasyon mula sa panel ng mga eksperto.

***Five-point Likert Scale*** ang ginamit bilang batayan upang malaman ang antas ng kahusayang panggramatika. Sa sukatang ito ang mga respondente ay tumugon sa pamamagitan ng pagtsek o pagbilog ng mga numero. Dahil dito, ang mga respondente ay ginamit ang limang-puntong *Likert scale* (mula sa pinakamataas hanggang pinakamababa). Ang mga datos ay kinalkula batay sa bilang nito upang maitala ang inaasahang marka.

**Pangangalap ng Datos**
Sinunod ng mananaliksik ang sumusunod na mga pamamaraan sa pangangalap ng datos upang makuha ang impormasyon na kailangan para sa pagsisiyasat.

Pagbubuo ng Talatanungan – *Pre-test* at *Post-test* na mga Talatanungan. Ang mananaliksik ay ginamit ang talatanungan mula sa pinagbabatayang pag-aaral ni Eslit (2023). Ang *test questionnaire* ay nagiging kasangkapan sa pangangalap ng kwantitatibong datos tungkol sa kanilang antas ng kahusayan sa panggramatika. Mayroong dalawang set ng test questionnaire na ipapatupad, ang pre-test at post-test na mga katanungan.

Balidasyon ng Talatanungan. Hihilingin ng mananaliksik ang balidasyon ng talatanungan mula sa mga eksperto na bihasa sa pagbuo ng talatanungan upang matiyak ang bisa at katumpakan nito.

Paghingi ng Pahintulot na Magsagawa ng Pag-aaral. Hiningi ng pahintulot ang mga mananaliksik sa punong guro ng paaralan na ipamahagi ang mga talatanungan (*pre-test*) sa mga respondente. Gayundin, hihilingin ng mananaliksik ang pahintulot upang ipatupad ang interbensyon sa nakilalang grupo ng klase.

Pamamahala ng *Pre-test Assessment*. Bago isagawa ang interbensyon, ipapatupad ng mananaliksik ang isang pre-test sa pangkat na lalapatan ng treytment. Layunin ng *pre-test* na ito na sukatin ang mga antas ng kahusang panggramatika bilang pagbatayan sa *post-test*.

Pagpapatupad ng Interbensyon sa Eksperimental na Grupo. Kasama sa yugtong ito ng pagpapatupad ang pagsasagawa ng Aksyong 4Ps (Pagsulat, Pagsuri, at Pagbigay ng Pidbak) na interbensyon sa eksperimental na grupo. Ipatutupad ng mga mananaliksik ang Aksyong 4Ps na interbensyon Biyernes sa asignaturang Filipino. Inaasahang magbibigay ito ng pagsasanay upang sundin ang mga hakbang na ito sa bawat isa. Ang mag-aaral ay bubuoin ang isang talatang inihanda ng guro sa pamamagitan ng paglalapat ng mga salita o parirala sa mga blanko. Ito ang pagsulat na yugto. Matapos ay susuriin ng mga mag-aaral ang kanilang sagot base sa wastong balarila na ibibigay ng guro kung tama ba ang kanilang nailapat na sagot sa blanko sa pagbuo ng talata. Ito ang pagsususri na yugto. Magbibigay ng Pidbak ang guro sa mga salita o pariralang ginamit at tuturuan ng wastong grammatika ang mga mag-aaral. Ito na ang pagbigay ng pidbak na yugto. Upang higit na matulungan ang mga mag-aaral sa paghasa sa kanilang kahusang panggrammatika, gagamitin ang mga materyales na pangturo tulad ng mga tarp papel, mga presentasyon gamit ang PowerPoint, at mga mapagkukunan sa telebisyon. Bukod dito, ibibigay ang mga worksheet sa mga mag-aaral matapos ang malawakang mga talakayan upang hubugin at hasain ang kaalaman ng mga mag-aaral sa paggamit ng wastong balarila.

Pamamahala ng *Post-test Assessment*. Pagkatapos ng isang buwan ng pagpapatupad sa eksperimental na grupo, isasagawa ang isang post-test upang masuri ang pag-unlad ng mga mag-aaral sa paggamit ng wastong balarila. Susukatin ng pagsusulit na ito ang pinahusay na kahusayan sa panggramatika ng mga mag-aaral matapos ang interbensyon. At gayundin, ang parehong pagsusulit ay ipapatupad sa kontrol na grupo matapos nilang matanggap ang karaniwang paraan ng pagtuturo.

Tabulasyon at Ebalwasyon ng Datos. Ang nakuhang datos mula sa *pre-test* at *post-test* ay dadaan sa tabulasyon. Ang kumpletong katanungan ay kukunin ng mga mananaliksik at saka ililipat sa isang *spreadsheet* ng *Microsoft Excel* para sa pagtala ng datos. Bibigyan ng kompidensyal na pahintulot ang estadistiko upang gumawa ng mga kalkulasyon, lumikha ng mga talahanayan, at suriin ang datos na may pinakamalaking pag-iingat. Ang mga resulta ng tabulasyon ay magiging batayan sa pagtatasa ng kahusayan ng interbensyon sa pagpapabuti ng mga kahusang panggramatika. Ang mga natuklasan ay magbibigay gabay sa mga posibleng pagbabago o pagpapabuti sa mga estratehiya ng interbensyon upang lalo pang mapabuti ang mga pamamaraan ng pagtuturo.

**Istatistikal na Tritment ng Datos**
Sa pagsuri, mean ang ginamit sa pagkalkula ng mga datos sa pag-aaral partikular na sa pagsukat sa antas ng kahusayang panggramatika bago at pagkatapos ng interbensyon. Samantala,

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 9| September 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

T-test naman ang ginamit sa pagsuri sa makabuluhang pagkakaiba ng kahusayang panggramatika bago at pagkatapos ng interbensyon.

**RESULTA**

***Antas ng Kahusayang Panggramatika Batay sa Pagbasa Bago Ipinatupad ang Interbensyon***

Ipinapakita sa Talahanayan 1 ang antas ng pagbasa na indikeytor ng kahusayang panggramatika bago ipinatupad ang interbensyong 4Ps na may kabuoang mean na 4.18 na may mataas na katumbas na paglalarawan. Nangangahulugan lamang na madalas lang naipapakita ng mga respondente ang kahusayan sa pagbasa.

**Talahanayan 1**
**Antas ng Kahusayang Panggramatika Batay sa Pagbasa Bago Ipinatupad ang Interbensyon**

| Pagbasa | Pre-Test | Paglalarawan |
|---|---|---|
| 1. madaling nakababasa ng tekstong Filipino. | 4.24 | Mataas |
| 2. nakauunawa ng bokabularyo sa mga tekstong Filipino. | 4.29 | Napkataas |
| 3. nakaiintindi ng mga matalinghagang salita sa mga tekstong Filipino. | 4.43 | Napakataas |
| 4. nakaiintindi ng mga pangunahing detalye ng isang talata sa mga kagamitang pampagkatuto sa Filipino na aking nabasa. | 3.95 | Mataas |
| 5. nakababasa at nakauunawa ng mga tekstong akademiko sa Filipino. | 3.98 | Mataas |
| **KABUOAN** | **4.18** | **Mataas** |

Batay sa resulta bago ipinatupad ang interbensyon, ang pahayag sa Aytem 3 – *Nakaiintindi ng mga matalinghagang salita sa mga tekstong Filipino* ang nakakuha ng pinakamataas mean na 4.43 na may nakapataas na katumbas na paglalarawan. Sumunod naman ang Aytem 2 – *Nakauunawa ng bokabularyo sa mga tekstong Filipino* na may nakapataas din na katumbas na paglalarawan. Ibig sabihin, lagi itong naipapakita ng mga respondente. Habang ang pahayag sa Aytem 1 – *Madaling nakababasa ng tekstong Filipino* na may mean na 4.24, ang Aytem 5 – *Nakababasa at nakauunawa ng mga tekstong akademiko sa Filipino* na may mean na 3.98, at ang Aytem 4 – *Nakaiintindi ng mga pangunahing detalye ng isang talata sa mga kagamitang pampagkatuto sa Filipino na aking nabasa* na may mean na 3.95. Ang tatlong Aytem ay may parehong mataas na katumbas na paglalarawan. Ibig sabihin, madalas itong naipapakita ng mga respondente.

***Antas ng Kahusayang Panggramatika Batay sa Pagsulat Bago Ipinatupad ang Interbensyon***

Batay sa resulta sa Talahanayan 2, ang antas ng kahusayang panggramatika batay sa pagsulat sa pre-test ay may pangkalahatang mean na 4.16 na may mataas na katumbas na paglalarawan. Nangangahulugan lamang na ang kahusayang panggramatika sa pagsulat ay madalas na naipapakita ng mga mag-aaral sa ikasampung baitang.

Bago ipinatupad ang interbensyong 4Ps, ang pahayag sa Aytem 4 – Nakapagpahayag ng aking mga ideya at kaisipan nang malinaw sa pamamagitan ng pagsusulat sa Filipino ang nakakuha ng pinakamataas na mean na 4.38 na may napakataas na katumbas na paglalarawan. Samantala, ang sumunod na nakakuha ng napakataas na mean ay ang pahayag sa Aytem 5 - Mabisang nakagagamit ng gramatika at bokabularyo sa pagsulat ng mga pangungusap sa Filipino na nakakuha rin ng mean na 4.26 na may napakataas rin

**Talahanayan 2**
**Antas ng Kahusayang Panggramatika Batay sa Pagsulat Bago Ipinatupad ang Interbensyon**

| Pagsulat | Pre-Test | Paglalarawan |
|---|---|---|
| 1. nakasusulat ng mga pangungusap sa Filipino na may wastong balarila. | 4.21 | Mataas |
| 2. nakasusulat ng magkakaugnay at organisadong mga talata sa Filipino. | 3.76 | Mataas |
| 3. nakasusulat nang malikhain at nakakapagpahayag gamit ang salitang Filipino. | 4.19 | Mataas |
| 4. nakapagpahayag ng aking mga ideya at kaisipan nang malinaw sa pamamagitan ng pagsusulat sa Filipino. | 4.38 | Napakataas |
| 5. mabisang nakagagamit ng gramatika at bokabularyo sa pagsulat ng mga pangungusap sa Filipino. | 4.26 | Napakataas |
| **KABUOAN** | **4.16** | **Mataas** |

na katumbas na paglalarawan. Ibig sabihin, ang kahusayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ay laging naipapakita. Gayunpaman, ang pahayag sa Aytem 1 – Nakasusulat ng mga pangungusap sa Filipino na may wastong balarila na nakakuha ng mean na 4.21, Aytem 3 – Nakasusulat nang *malikhain at nakakapagpahayag gamit ang salitang Filipino* ay nakakuha ng mean na 4.19 at ang pahayag sa Aytem 2 - *Nakasusulat ng magkakaugnay at*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 9| September 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

*organisadong mga talata sa Filipino* na nakakuha ng mean na 3.76. Ang tatlong Aytem ay parehong may mataas na katumbas na paglalarawan. Ibig sabihin, ang kahusayang panggramatika batay sa pagsulat ay laging naipapakita ng mga respondente.

***Antas ng Kahusayang Panggramatika Batay sa Pagsasalita Bago Ipinatupad ang Interbensyon***

Batay sa resulta sa Talahanayan 3, ang antas ng kahusayang panggramatika batay sa pagsasalita sa pre-test ay may mababang mean na 3.99 na may mataas na katumbas na paglalarawan. Nangangahulugan lamang na ang kahusayang

panggramatika sa pagsasalita ay madalas na naipapakita ng mga mag-aaral sa ikasampung baitang.

Bago ipanatupad ang interbensyong 4Ps, ang pahayag sa Aytem 3 – *Nakikipag-usap nang mabisa at epektibo sa mga nagsasalita ng salaysay sa wikang Filipino* ang nakakuha ng pinakamataas na mean na 4.17, ang Aytem 4 – *Nakagagamit ng angkop na balarila, bokabularyo at pagbigkas sa wikang Filipino* na nakakuha ng men na 4.10 at Aytem 2 – *Nakapagpapahayag ng aking mga ideya at opinyon sa Filipino ng malinaw* ay nakakuha ng mean na 4.05. Ang tatlong Aytem

ay parehong may mataas na katumbas na paglalarawan. Samantala, ang Aytem 5 – *Mabisang nakikilahok sa talakayanan at pakikipag-usap sa Filipino* ay nakakuha ng mean na 3.83, at ang Aytem 1 – *Marunong magsalita ng Filipino nang matatas at may kompyansa* ay nakakuha ng mean na 3.79 ay parehong may mataas na katumbas na paglalarawan. Ibig sabihin, ito ay laging naipapakita ng mga respondente.

**Talahanayan 3**
**Antas ng Kahusayang Panggramatika Batay sa Pagsasalita Bago Ipinatupad ang Interbensyon**

| Pagsasalita | Pre-Test | Paglalarawan |
|---|---|---|
| 1. marunong magsalita ng Filipino nang matatas at may kumpiyansa. | 3.79 | Mataas |
| 2. nakapagpapahayag ng aking mga ideya at opinyon sa Filipino nang malinaw. | 4.05 | Mataas |
| 3. nakikipag-usap nang mabisa at epektibo sa mga nagsasalita ng salaysay sa wikang Filipino. | 4.17 | Mataas |
| 4. nakagagamit ng angkop na balarila, bokabularyo at pagbigkas sa wikang Filipino. | 4.10 | Mataas |
| 5. mabisang nakikilahok sa mga talakayan at pag-uusap sa Filipino. | 3.83 | Mataas |
| **KABUOAN** | **3.99** | **Mataas** |

***Antas ng Kahusayang Panggramatika Batay sa Pakikinig Bago ang Interbensyon***

Ipinapakita sa Talahanayan 4, ang antas ng kahusayang panggramatika batay sa pakikinig bago ipinatupad ang interbensyon ay may mababang mean na 4.27 na may pinakamataas na katumbas na paglalarawan. Nangangahulugan lamang na ang kahusayang panggramatika sa pakikinig ay madalas na naipapakita ng mga mag-aaral sa ikasampung baitang.

Bago ipanatupad ang interbensyong 4Ps, ang pahayag sa Aytem 3 – *Nakauunawa at nakikinig ng sinasalitang Filipino sa iba't ibang diin at dayalekto* na may na 4.57, at Aytem 4 – *Nakauunawa ng mga komplekadong tagubilin at direksyon na ibinigay sa Filipino* na may mean na 4.33. Ang dalawang aytem ay parehong nakakuha ng pinakamataas na katumbas na paglalarawan. Ibig sabihin, ito ay lagging naipapakita ng mga respondente. Habang, sa Aytem 2 – *Mabisang nakikinig*

*sa mga particular na detalye at pangunahing ideya sa Filipino* na may mean na 4.21, Aytem 1 – *Nakakasunod at nakaiintindi sa mga pag-uusap at aralin sa Filipino nang walang kahirap-hirap* na may mean na 4.17, at sa Aytem 5 – *Marunong makinig at umunawa ng iba't ibang genre ng pagsasalita o talakayanan (balita, panayam, presentasyon, atbp.)* na may mean na 4.05. Ang tatlong aytem ay nakakuha ng mataas na katumbas na paglalarawan. Ibig sabihin ito ay madalas na naipapakita ng mga mag-aaral.

**Talahanayan 4**
**Antas ng Kahusayang Panggramatika sa Batay sa Pakikinig Bago ang Interbensyon**

| Pakikinig | Pre-Test | Paglalarawan |
|---|---|---|
| 1. nakakasunod at nakaiintindi sa mga pag-uusap at aralin sa Filipino nang walang kahirap-hirap. | 4.17 | Mataas |
| 2. mabisang nakikinig sa mga partikular na detalye at pangunahing ideya sa Filipino. | 4.21 | Mataas |
| 3. nakauunawa at nakikinig ng sinasalitang Filipino sa iba't ibang diin at dayalekto. | 4.57 | Napakataas |
| 4. nakauunawa ng mga kumplikadong tagubilin at direksyon na | 4.33 | Napakataas |

| | | |
|---|---|---|
| ibinigay sa Filipino. | | |
| 5. marunong makinig at umunawa ng iba't ibang genre ng pagsasalita o talakayan (balita, panayam, presentasyon, atbp.) | 4.05 | Mataas |
| **KABUOAN** | **4.27** | **Napakataas** |

***Antas ng Kahusayang Panggramatika Batay sa Pag-unawa Bago Ipinatupad ang Interbensyon***

Batay sa resulta sa Talahanayan 5, ang antas ng kahusayang panggramatika batay sa pag-unawa sa pre-test ay may pangkalahatang mean na 4.10 na may mataas na katumbas na paglalarawan. Nangangahulugan lamang na ang kahusayang panggramatika sa pag-unawa ay madalas na naipapakita ng mga mag-aaral sa ikasampung baitang.

Bago ipinatupad ang interbensyong 4Ps, ang pahayag sa Aytem 4 – *Mabisang gumamit ng mga diksyunaryo at iba pang sangguniang materyales upang maunawaan ang mga hindi kilalang salita sa Filipino* ang nakakuha ng pinakamataas na mean na 4.38 na may mataas na katumbas na paglalarawan.

Samantala, ang sumunod na nakakuha ng mataas na mean ay ang pahayag sa Aytem 3 - *Nakauunawa ng mga idyoma at matalinghagang salita sa wikang Filipino* na nakakuha rin ng mean na 4.00 na may mataas din na katumbas na paglalarawan. Gayunpaman, ang pahayag sa Aytem 1 – *Nakauunawa ng mga kagamitan sa wikang Filipino na may kaugnayan sa aking akademikong larangan* na nakakuha ng mean na 3.95, Aytem 5 – *Nakagagamit ng mga pahiwatig sa konteksto upang maunawaan ang mga hindi kilalang salita sa Filipino* ay nakakuha ng mean na 3.69 at ang pahayag sa Aytem 2 - *Nakapaghihinuha at nakapagpakahulugan ng mga salita mula sa mga tekstong Filipino* na nakakuha ng mean na 3.62. Ang tatlong Aytem ay parehong may mataas na katumbas na paglalarawan. Ibig sabihin, ang kahusayang panggramatika batay sa pag-unawa ay madalas na naipapakita ng mga respondente

**Talahanayan 5**
**Antas ng Kahusayang Panggramatika sa Batay sa Pag-unawa Bago ang Interbensyon**

| Pag-unawa | Pre-Test | Paglalarawan |
|---|---|---|
| 1. nakauunawa ng mga kagamitan sa wikang Filipino na may kaugnayan sa aking akademikong larangan. | 3.95 | Mataas |
| 2. nakapaghihinuha at nakapagpakahulugan ng mga salita mula sa mga tekstong Filipino. | 3.62 | Mataas |
| 3. nakauunawa ng mga idyoma at matalinghagang salita sa wikang Filipino. | 4.00 | Mataas |
| 4. mabisang gumamit ng mga diksyunaryo at iba pang sangguniang materyales upang maunawaan ang mga hindi kilalang salita sa Filipino. | 4.19 | Mataas |
| 5. nakagagamit ng mga pahiwatig sa konteksto upang maunawaan ang mga hindi kilalang salita sa Filipino. | 3.69 | Mataas |
| **KABUOAN** | **4.10** | **Mataas** |

***Buod ng Antas ng Kahusayang Panggramatika Bago Ipinatupad ang Interbensyon***

Ipinapakita sa Talahanayan 6 ang antas ng kahusayang panggramatika bago ipinatupad ang interbensyong 4Ps na may kabuoang mean na 4.14 na may mataas na katumbas na paglalarawan. Nangangahulugan lamang na madalas lang naipapakita ng mga respondente ang kahusayan sa panggramatika.

Batay sa resulta bago ipinatupad ang interbensyon, ang indikeytor na nakakuha ng pinakamataas na pangkalahatang mean ay ang pakikinig na may mean na 4.27 na may napakataas na katumbas na paglalarawan. Ibig sabihin, ito ay laging naipapakita ng mga respondente.

Sa kabilang dako, ang indikeytor na pagbasa naman ang sumunod na nakakuha ng pinakamataas na mean na 4.18 na may mataas na katumbas na paglalarawan. Ibig sabihin, madalas lang naipapakita ng mga respondente ang kahusayan sa pagbasa.

Sumunod naman ang indikeytor na pagsulat na may mean na 4.16 na may mataas na katumbas na paglalarawan. Ibig sabihin, madalas lang ding naipapakita ng mga respondente ang kahusayan sa pagsulat bago ang interbensyon.

Habang ang indikeytor na pag-unawa ang pangalawang nakakuha ng pinakamababang mean na 4.10 na may mataas na katumbas na paglalalarawan. Ibig sabihin, madalas lang din naipapakita ang kahusayan ng mga mag-aaral sa pag-unawa.

Ang pagsasalita naman bilang indikeytor ng kahusayang panggramatika ang nakakuha ng pinakamababang mean na 3.99 na may mataas na katumbas na paglalarawan. Ibig sabihin, ito ay madalas lang ding naipapakita ng mga respondente.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 9| September 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

**Talahanayan 6:**
**Buod ng Antas ng Kahusayang Panggramatika Bago Ipinatupad ang Interbensyon**

| Kahusayang Panggramatika | Pre-Test | Paglalarawan |
|---|---|---|
| Pagbasa | 4.18 | Mataas |
| Pagsulat | 4.16 | Mataas |
| Pagsasalita | 3.99 | Mataas |
| Pakikinig | 4.27 | Napakataas |
| Pag-unawa | 4.10 | Mataas |
| **Kabuoan** | **4.14** | **Mataas** |

***Antas ng Kahusayang Panggramatika Batay sa Pagbasa Pagkatapos Ipinatupad ang Interbensyon***

Ipinapakita sa Talahanayan 7 ang antas ng kahusayang panggramatika batay sa pagbasa pagkatapos ng interbensyong 4Ps na may kabuoang mean na 4.5 na may napakataas na katumbas ng paglalarawan. Ibig sabihin, laging naipapakita ng mga respondente ang kanilang kahusayan sa pagbasa pagkatapos ng interbensyon.

Pagkatapos ipinatupad ang interbensyon, ang pahayag sa Aytem 5 – nakababasa at nakauunawa ng mga tekstong akademiko sa Filipino ang nakakuha ng pinakamataas mean na 4.6 na may napakataas na paglalarawan. Sumunod naman ang Aytem 2 – nakauunawa ng bokabularyo sa mga tekstong Filipino na may mean na 4.55 na may napakataas na katumbas na paglalarawan na napakataas. Sumunod din ang Aytem 1 – madaling nakababasa ng tekstong Filipino na may mean na 4.52 na may napakataas na paglalarawan. Habang ang Aytem 3 – nakaiintindi ng mga matalinghagang salita sa mga tekstong Filipino at Aytem 4 – nakaiintindi ng mga pangunahing detalye ng isang talata sa mga kagamitang pampagkatuto sa Filipino na aking nabasa na may parehong mean na 4.43 na may napakataas din na katumbas na paglalarawan. Ibig sabihin, ito ay parehong laging naipapakita ng mga respondente.

**Talahanayan 7:**
**Antas ng Kahusayang Panggramatika Batay sa Pagbasa Bago Ipinatupad ang Interbensyon**

| Pagbasa | Post-Test | Paglalarawan |
|---|---|---|
| 1. madaling nakababasa ng tekstong Filipino. | 4.52 | Napakataas |
| 2. nakauunawa ng bokabularyo sa mga tekstong Filipino. | 4.55 | Napakataas |
| 3. nakaiintindi ng mga matalinghagang salita sa mga tekstong Filipino. | 4.43 | Napakataas |
| 4. nakaiintindi ng mga pangunahing detalye ng isang talata sa mga kagamitang pampagkatuto sa Filipino na aking nabasa. | 4.43 | Napakataas |
| 5. nakababasa at nakauunawa ng mga tekstong akademiko sa Filipino. | 4.60 | Napakataas |
| **KABUOAN** | **4.50** | **Napakataas** |

***Antas ng Kahusayang Panggramatika Batay sa Pagsulat Pagkatapos Ipinatupad ang Interbensyon***

Batay sa resulta sa Talahanayan 8, ang antas ng kahusayang panggramatika batay sa pagsulat pagkatapos ipinatupad ang interbensyon na may pangkalahatang mean na 4.44 na may napakataas na katumbas na paglalarawan. Ito ay nangangahulugan na Ang kahusayang panggramatika ng mga mag-aaral sa pagsulat ay laging naipapakita.

Pagkatapos ng interbensyong 4Ps, ang Aytem 3 – Nakasusulat nang malikhain at nakakapagpahayag gamit ang salitang Filipino ang nakakuha ng pinakamataas na mean na 4.57 na may napakataas na katumbas na paglalarawan. Samantala, ang Aytem 1 at 5 – Nakasusulat ng mga pangungusap sa Filipino na may wastong balarila at Nakapagpahayag ng aking mga ideya at kaisipan nang malinaw sa pamamagitan ng pagsusulat sa Filipino ay parrehong nakakuha ng mean na 4.50 na may napakataas na katumbas na paglalarawan. Habang, ipinapakita naman sa Aytem 5 – Mabisang nakagagamit ng gramatika at bokabularyo sa pagsulat ng mga pangungusap sa Filipino na nakakuha ng mean na 4.36 at ang pahayag sa Aytem 2 – Nakasusulat ng magkakaugnay at organisadong mga talata sa Filipino ay nakakuha ng mean na 4.29 ay parehong nakakuha ng pinakamataas na katumbas na paglalarawan. Ibig sabihin, laging itong naipapakita ng mga respondente

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 9| September 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

**Talahanayan 8:**
**Antas ng Kahusayang Panggramatika Batay sa Pagsulat Pagkatapos Ipinatupad ang Interbensyon**

| Pagsulat | Post-test | Paglalarawan |
|---|---|---|
| 1. nakasusulat ng mga pangungusap sa Filipino na may wastong balarila. | 4.50 | Napakataas |
| 2. nakasusulat ng magkakaugnay at organisadong mga talata sa Filipino. | 4.29 | Napakataas |
| 3. nakasusulat nang malikhain at nakakapagpahayag gamit ang salitang Filipino. | 4.57 | Napakataas |
| 4. nakapagpahayag ng aking mga ideya at kaisipan nang malinaw sa pamamagitan ng pagsusulat sa Filipino. | 4.50 | Napakataas |
| 5. mabisang nakagagamit ng gramatika at bokabularyo sa pagsulat ng mga pangungusap sa Filipino. | 4.36 | Napakataas |
| **KABUOAN** | **4.44** | **Napakataas** |

***Antas ng Kahusayang Panggramatika Batay sa Pagsasalita Pagkatapos Ipinatupad ang Interbensyon***

Batay sa resulta sa Talahanayan 9, ang antas ng kahusayang panggramatika batay sa pagsasalita sa *post-test* ay may pangkalahatang mean na 4.53 na may napakataas na katumbas na paglalarawan. Ito ay nangangahulugan na Ang kahusayang panggramatika ng mga mag-aaral at laging naipapakita.

Pagkatapos ng interbensyong 4Ps, ang Aytem 3 – Nakikipag-usap nang mabisa at epektibo sa mga nagsasalita ng salaysay sa wikang Filipino ang nakakuha ng pinakamataas na mean na 4.74, ang Aytem 5 – Mabisang nakikilahok sa talakayanan at pakikipag-usap sa Filipino ay nakakuha ng mean na 4.64, at sa Aytem 1 – marunong magsalita ng Filipino nang matatas at may kompyansa ay nakakuha ng mean na 3.79 ay parehong nakakuha ng pinakamataas na katumbas na paglalarawan. Habang, ipinapakita naman sa Aytem 4 – Nakagagamit ng angkop na balarila, bokabularyo at pagbigkas sa wikang Filipino na nakakuha ng mean na 4.38 at Aytem 2 – Nakapagpapahayag ng aking mga ideya at opinyon sa Filipino ng malinaw ay nakakuha ng mean na 4.36 ay parehong nakakuha ng pinakamataas na katumbas na paglalarawan. Ibig sabihin, madalas itong naipapakita ng mga respondente.

**Talahanayan 9:**
**Antas ng Kahusayang Panggramatika Batay sa Pagsasalita Pagkatapos Ipinatupad ang Interbensyon**

| Pagsasalita | Post-Test | Paglalarawan |
|---|---|---|
| 1. marunong magsalita ng Filipino nang matatas at may kumpiyansa. | 4.55 | Napakataas |
| 2. nakapagpapahayag ng aking mga ideya at opinyon sa Filipino nang malinaw. | 4.36 | Napakataas |
| 3. nakikipag-usap nang mabisa at epektibo sa mga nagsasalita ng salaysay sa wikang Filipino. | 4.74 | Napakataas |
| 4. nakagagamit ng angkop na balarila, bokabularyo at pagbigkas sa wikang Filipino. | 4.38 | Napakataas |
| 5. mabisang nakikilahok sa mga talakayan at pag-uusap sa Filipino. | 4.64 | Napakataas |
| **KABUOAN** | **4.53** | **Napakataas** |

***Antas ng Kahusayang Panggramatika Batay sa Pakikinig Pagkatapos Ipinatupad ang Interbensyon***

Ipinapakita sa Talahanayan 10, ang antas ng kahusayang panggramatika batay sa pakikinig pagkatapos ipinatupad ang interbensyon ay may pangkalahatang mean na 4.47 na may pinakamataas na katumbas na paglalarawan. Ito ay nangangahulugan na ang kahusayang panggramatika ng mga mag-aaral at laging naipapakita.

Pagkatapos ng interbensyong 4Ps, ang Aytem 5 – *Marunong makinig at umunawa ng iba't ibang genre ng pagsasalita o talakayanan (balita, panayam, presentasyon, atbp.)* na may mean na 4.63, at Aytem 1 – *Nakakasunod at nakaiintindi sa mga pag-uusap at aralin sa Filipino nang walang kahirap-hirap* na may mean na 4.57. Ang dalawang aytem ay parehong nakakuha ng pinakamataas na katumbas na paglalarawan. Samantala, ang Aytem 3 – *Nakuunawa at nakikinig ng sinasalitang Filipino sa iba't ibang diin at dayalekto* na may na 4.43, at Aytem 2 – *Mabisang nakikinig sa mga particular na detalye at pangunahing ideya sa Filipino* na may mean na 4.40 ay parehong nakakuha ng pinakamataas na katumbas na paglalarawan. Habang ang Aytem 4 – *Nakuunawa ng mga komplekadong tagubilin at direksyon na ibinigay sa Filipino* ay may mean na 4.31 ay nakakuha ng pinakamataas na katumbas na paglalarawan. Nangangahulugan lamang, na ang mga aytem na ito ay palaging naipapakita ng mga respondente.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 9| September 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

**Talahanayan 10:**
**Antas ng Kahusayang Panggramatika sa Batay sa Pakikinig Pagkatapos Ipinatupad ang Interbensyon**

| Pakikinig | Post-Test | Paglalarawan |
|---|---|---|
| 1. nakakasunod at nakaiintindi sa mga pag-uusap at aralin sa Filipino nang walang kahirap-hirap. | 4.57 | Napakataas |
| 2. mabisang nakikinig sa mga partikular na detalye at pangunahing ideya sa Filipino. | 4.40 | Napakataas |
| 3. nakauunawa at nakikinig ng sinasalitang Filipino sa iba't ibang diin at dayalekto. | 4.43 | Napakataas |
| 4. nakauunawa ng mga kumplikadong tagubilin at direksyon na ibinigay sa Filipino. | 4.31 | Napakataas |
| 5. marunong makinig at umunawa ng iba't ibang genre ng pagsasalita o talakayan (balita, panayam, presentasyon, atbp.) | 4.63 | Napakataas |
| **KABUOAN** | **4.47** | **Napakataas** |

***Antas ng Kahusayang Panggramatika Batay sa Pag-unawa Pagkatapos Ipinatupad ang Interbensyon***

Batay sa resulta sa Talahanayan 11, ang antas ng kahusayang panggramatika batay sa pag-unawa sa *post-test* ay may pangkalahatang mean na 4.46 na may napakataas na katumbas na paglalarawan. Ito ay nangangahulugan na ang kahusayang panggramatika ng mga mag-aaral sa pag-unawa ay laging naipapakita.

Pagkatapos ng interbensyong 4Ps, ang Aytem 5 – Nakagagamit ng mga pahiwatig sa konteksto upang maunawaan ang mga hindi kilalang salita sa Filipino ang nakakuha ng pinakamataas na mean na 4.64 na may napakataas na katumbas na paglalarawan. Samantala, ang pahayag sa Aytem 4 – Mabisang gumamit ng mga diksyunaryo at iba pang sangguniang materyales upang maunawaan ang mga hindi kilalang salita sa Filipino na nakakuha ng mean na 4.60, Aytem 2 - Nakapaghihinuha at nakapagpakahulugan ng mga salita mula sa mga tekstong Filipino ay nakakuha ng mean na 4.50, at ang pahayag sa Aytem 3 - Nakauunawa ng mga idyoma at matalinghagang salita sa wikang Filipino na nakakuha ng mean na 4.36. ang tatlong aytem na ito ay may napakataas na katumbas na paglalarawan. Habang, ipinapakita naman sa Aytem 1 – Nakauunawa ng mga kagamitan sa wikang Filipino na may kaugnayan sa aking akademikong larangan ang nakakuha ng pinakamababang mean na 4.21 na may mean na 4.21 at nakakuha ng mataas na katumbas na paglalarawan. Ibig sabihin, madalas itong naipapakita ng mga respondente.

**Talahanayan 11:**
**Antas ng Kahusayang Panggramatika Batay sa Pag-unawa Pagkatapos Ipinatupad ang Interbensyon**

| Pag-unawa | Post-Test | Paglalarawan |
|---|---|---|
| 1. nakauunawa ng mga kagamitan sa wikang Filipino na may kaugnayan sa aking akademikong larangan. | 4.21 | Mataas |
| 2. nakapaghihinuha at nakapagpakahulugan ng mga salita mula sa mga tekstong Filipino. | 4.50 | Napakataas |
| 3. nakauunawa ng mga idyoma at matalinghagang salita sa wikang Filipino. | 4.36 | Napakataas |
| 4. mabisang gumamit ng mga diksyunaryo at iba pang sangguniang materyales upang maunawaan ang mga hindi kilalang salita sa Filipino. | 4.60 | Napakataas |
| 5. nakagagamit ng mga pahiwatig sa konteksto upang maunawaan ang mga hindi kilalang salita sa Filipino. | 4.64 | Napakataas |
| **KABUOAN** | **4.46** | **Napakataas** |

***Buod ng Antas ng Kahusayang Panggramatika Pagkatapos Ipinatupad ang Interbensyon***

Ipinapakita sa Talahanayan 12 ang antas ng kahusayang panggramatika pagkatapos ipinatupad ang interbensyong 4Ps na may kabuoang mean na 4.49 na may napakataas na katumbas ng paglalarawan. Ibig sabihin, laging naipapakita ng mga respondente ang kanilang kahusayan sa panggramatika pagkatapos ng interbensyon.

Batay sa resulta pagkatapos ipinatupad ang interbensyon, ang indikeytor na nakakuha ng pinakamataas na pangkalahatang mean ay ang pagsasalita na may mean na 4.53 na may nakapataas na katumbas na paglalarawan. Ibig sabihin, ito ay laging naipapakita ng mga respondente.

Sumunod naman ang mga indikeytor na pagbasa at pakikinig na may na mean na 4.50 na may napakataas na katumbas na paglalarawan. Ibig sabihin, ang mga ito ay laging naipapakita ng mga respondente sa klase sa wikang Filipino.

Samantala, ang indikeytor na pag-unawa ang ikalawa sa huling nakakuha ng pinakamamababang mean na 4.46 na may napakataas na katumbas na paglalarawan. Ibig sabihin, lagi paring

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 9| September 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

naipapakita ng mga mag-aaral ang aspektong ito sa klase sa Filipino.

Panghuli, ang indikeytor na pagsulat ang nakakuha ng pinakamamamabang mean na 4.44 na may napakataas na katumbas na paglalarawan. Ibig sabihin, bagama't ang pagsulat ay ang pinakamababa ngunit ay lagi pa rin itong naipapakita ng mga mag-aaral.

**Talahanayan 12:**
**Antas ng Kahusayang Panggramatika Pagkatapos Ipinatupad ang Interbensyon**

| Kahusayang Panggramatika | Post-Test | Paglalarawan |
|---|---|---|
| Pagbasa | 4.50 | Napakataas |
| Pagsulat | 4.44 | Napakataas |
| Pagsasalita | 4.53 | Napakataas |
| Pakikinig | 4.50 | Napakataas |
| Pag-unawa | 4.46 | Napakataas |
| **Kabuoan** | **4.49** | **Napakataas** |

***Makabuluhang Pagkakaiba ng Kahusayang Panggramatika Bago at Pagkatapos ng Interbensyon***
Batay sa pagsusuri ng estadistika, ang kahusayang panggramatika bago ang interbensyon ay may kabuoang mean na 4.10, at pagkatapos naman ng interbensyon ay may kabuoang mean na 4.49. Ang baryabol na ito ay may P-value na <.001 ibig sabihin, ang P-value ay mas mababa sa 0.05 na antas ng kahalagahan na nangangahulugang hindi tinanggap ang haypotesis na nagsasaad na walang makabuluhang pagkakaiba sa kahusayang panggramatika bago at pagkatapos ng interbensyong 4Ps. Sa madaling salita, may makabuluhang pagkakaiba ang kahusayang panggramatika ng ikasampung baitang bago at pagkatapos ng interbensyon.

**Talahanayan 13:**
**Makabuluhang Pagkakaiba ng Kahusayang Panggramatika Bago at Pagkatapos ng Interbensyon**

| **Type of Test** | **N** | **df** | **Mean** | **SD** | **t-value** | **P-value** | **Decision** $\alpha = 0.05$ |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Pre-Test | 42 | 41 | 4.10 | 0.17 | -10.996 | **< .001** | **Significant** |
| Post-Test | 42 | | 4.49 | 0.15 | | | |

## DISKUSYON

### Antas ng Kahusayang Panggramatika Bago Ipinatupad ang Interbensyon

Ang pangkalahatang antas ng kahusayang panggramatika bago ang interbensyon mula sa lahat ng mga indikeytor nito: pagbasa, pagsulat, pagsasalita, pakikinig, at pag-unawa ay inilarawang mataas. Ibig sabihin, madalas naipapakita ng mga mag-aaral sa baitang sampu ang kahusayan sa balarila. Ito ay nangangahulugan lamang na maaari pang paunlarin ang kahusayan ng mga mag-aaral sa gramatikang Filipino upang buong husay nilang maipapahayag ang kanilang angking saloobin at kaisipan. Mapapaunlad ito sa pamamagitan ng pagpapatupad ng interbenyong Aksyong 4Ps (Pagsulat, Pagsuri at Pagbigay ng Pidbak).

Sa pagsusuri ni Bautista (2020) sa kahusayang panggramatika, napatunayan ang wastong pag-unawa at paggamit ng mga tuntunin ng gramatika ay naglalarawan ng kahusayang pangwika ng isang indibidwal. Sa pamamagitan ng maingat na pagtuturo at pagpapasya ng gramatika sa Filipino, nabibigyan ng mga mag-aaral ang kakayahan na maipahayag ang kanilang mga saloobin at kaisipan nang masinsinan at maliwanag. Ang aklat na ito ay naglilingkod bilang isang pundasyon at gabay para sa mga mag-aaral sa kanilang paglalakbay tungo sa kahusayang panggramatika.

Higit pa rito, ayon pag-aaral ni Samson (2020), sa pamamagitan ng paggamit ng mainam na interbensyon ng guro, matibay na napagtibay ang kahalagahan ng pag-unlad ng gramatika sa Filipino. Isa itong pundasyon na nagpapatibay sa kasanayan sa pagsasalita at pagsusulat, pinapalalim ang pag-unawa sa kahulugan ng mga salita at pangungusap. Sa bawat hakbang na ginagawa ng mga mag-aaral tungo sa kahusayang panggramatika, lumalawak ang kanilang kakayahan na maipahayag ang kanilang sarili nang wasto at tiyak.

Batay sa resulta sa antas ng kahusayang panggramatika batay sa pagbasa bago ipinatupad ang interbensyong 4Ps ay inilalarawang mataas. Ibig sabihin, ang kahusayang panggramatika sa pagbasa ay madalas na naipapakita ng mga mag-aaral sa ikasampung baitang. Ito ay nangangahulugan lamang na hindi pa masyadong bihasa ang mga mag-aaral sa pagbasa ng mga teksto na nakasulat sa wikang Filipino. Mahalagang mapagyaman pa sapagkat ito ang pinakamahalagang sangkap sa maayos at epektibong pakikipagkomunikasyon.

Ayon sa pag-aaral ni Dela Cruz, (2020), ang antas ng pagbasa ng isang tao ay isang mahalagang indikasyon ng kanyang kahusayang panggramatika. Ang mga taong may mataas na antas ng pagbasa ay karaniwang nagpapakita ng mataas na antas ng kahusayan sa paggamit ng wika at pag-unawa sa mga

estruktura ng pangungusap. Ang kanyang mga natuklasan ay nagpapakita ng kahalagahan ng pagpapalakas ng kasanayan sa pagbasa sa pagpapaunlad ng kahusayang panggramatika ng isang indibidwal.

Gayunpaman, ang pag-aaral ni Santos (2018), ang antas ng pagbasa ay isang mahalagang tuntunin din sa pagtukoy ng kahusayang panggramatika ng isang indibidwal. Ang mga mag-aaral na nagpapakita ng mataas na antas ng pagbasa ay karaniwang nagpapakita rin ng mataas na antas ng kahusayan sa paggamit ng wika at pag-unawa sa mga estruktura ng pangungusap. Ang mga natuklasan ay nagpapakita ng kahalagahan ng pagbibigay ng prayoridad sa pagpapalakas ng kasanayan sa pagbasa sa pagpapaunlad ng kahusayang panggramatika ng mga mag-aaral.

Batay sa resulta sa antas ng kahusayang panggramatika batay sa pagsulat bago ipinatupad ang interbensyong 4Ps ay inilalarawang mataas. Ibig sabihin, ito ay madalas na naipapakita ng mga mag-aaral. Bagama't natuklasan na marami sa mga respondente ay mahusay na sa pagsusulat ng mga salita, ngunit nangangailangan pa rin itong hasain pa ng guro.

Binigyang-diin ni Graham (2019), na ang pagsusulat ay isang mahalagang kasangkapan sa pagpapahusay ng kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng patuloy na pagsasanay sa pagsusulat, ang mga mag-aaral ay nagkakaroon ng pagkakataon na gamitin at mapagbuti ang kanilang kaalaman sa istruktura ng wika. Ang regular na pagsusulat ay nagpapalalim ng pag-unawa sa mga tuntunin ng gramatika at nagtataguyod ng mas epektibong komunikasyon. Ang pagsasama ng mga gawain sa pagsusulat sa kurikulum ay nagbibigay-daan sa mga mag-aaral na magsanay ng iba't ibang anyo ng wika, mula sa simpleng pangungusap hanggang sa mahihirap na talata. Ang ganitong mga gawain ay nakatutulong upang mapahusay ang kakayahan sa pagbuo ng mga makabuluhang pahayag na sumusunod sa mga tuntuning panggramatika.

Bilang karagdagan, ayon kay J. Lee (2019), ang isang tao na maalam sa larangan ng gramatika ay may kaangkupan sa paggamit ng wastong deliberasyon ng kanyang balarila na kanya ring magagamit sa pagsulat ng isang makabuluhang pangungusap at may kahusayan sa komunikatibong pangwika tungo sa kanyang pagpapahayag nang may kagalingan at kalinawan sa pagpapahayag.

Batay sa resulta sa antas ng kahusayang panggramatika batay sa pagsasalita bago ipinatupad ang interbensyong 4Ps ay inilalarawang mataas. Ibig sabihin, ang kahusayang panggramatika sa pagsasalita ay madalas na naipapakita ng mga mag-aaral sa ikasampung baitang. Ito ay nagpapahiwatig na ang mga mag-aaral ay may matibay na pundasyon sa paggamit ng tamang gramatika habang nagsasalita, bagama't maaari pa itong pagtibayin pa.

Ayon nina Lightbown and Spada (2019), ang paulit-ulit na pagsasanay at tiyak na pagtuturo ng mga istraktura ng wika ay may malaking epekto sa kakayahan ng mga mag-aaral na gamitin ang mga ito nang tama sa pagsasalita. Ang pag-aaral ay nagpapakita na ang interbensyon na nakatuon sa grammatical accuracy ay maaaring magresulta sa mas mataas na antas ng kahusayan sa pagsasalita ng mga mag-aaral.

Sa ibang dako, nagbigay-diin naman ni Ellis (2020) sa kahalagahan ng focus on form na estratehiya, kung saan ang mga mag-aaral ay tinuturuan na magtuon ng pansin sa mga grammar forms sa konteksto ng komunikasyon. Ang ganitong estratehiya ay nakatutulong upang mapabuti ang grammatical accuracy ng mga mag-aaral, na nagreresulta sa mas mataas na antas ng performance sa pagsasalita.

Batay sa resulta sa antas ng kahusayang panggramatika batay sa pakikinig bago ipinatupad ang interbensyong 4Ps ay inilalarawang pinakamataas. Nangangahulugan ito na ang kahusayang panggramatika sa pakikinig ay madalas na naipapakita ng mga mag-aaral sa ikasampung baitang. Ito ay nagpapahiwatig lamang na may mga mag-aaral ang nahihirapan sa pakikinig sa klase at nagiging sagabal ito sa kanilang pagkatuto.

Ayon kay Brown (2020), ang pakikinig ay isang kritikal na kasanayan sa pag-aaral ng wika dahil nagbibigay ito ng maraming oportunidad para sa mga mag-aaral na marinig at maunawaan ang mga estruktura ng wika sa iba't ibang konteksto. Ang patuloy na pakikinig sa tamang paggamit ng wika ay nagiging daan upang mahasa ang kanilang panggramatikang kasanayan.

Kaugnay rito, binigyang-diin din ni Vandergrift (2020) na ang pakikinig ay hindi lamang pasibong proseso kundi isang aktibong kognitibong gawain na mahalaga sa pagbuo ng mga panggramatikang kaalaman. Ang pag-unlad ng kakayahang panggramatika ay mas epektibong naipapakita sa pamamagitan ng patuloy na interaksyon at pakikinig sa wika. Ito ay nagbibigay linaw na ang pakikinig ay isang mahalagang salik sa pagkatuto ng wika.

Batay sa resulta sa antas ng kahusayang panggramatika batay sa pag-unawa bago ipinatupad ang interbensyong 4Ps ay inilalarawang mataas. Nangangahulugan ito na ang kahusayang panggramatika sa pag-unawa ay madalas na naipapakita ng mga mag-aaral sa ikasampung baitang. Ito ay nagpapahiwatig na ang mga respondente ay may kakulangan sa pag-unawang aspekto ng pagkatuto kaya nangangailangan pa itong hasain at sanayin.

Ayon sa pag-aaral ni Din, R. (2022) ipinakita na may matibay na kaugnayan ang kahusayang panggramatika at pag-unawa sa pagbasa sa mga mag-aaral sa ikalawang baitang. Sa kanyang pananaliksik, sinuri ni Smith ang mga resulta ng standardisadong pagsusulit sa panggramatika at ang mga marka sa pagsusulit sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral. Natuklasan niya na ang mga mag-aaral na may mataas na marka sa pagsusulit sa panggramatika ay may tendensya ring mataas ang mga marka sa pagsusulit sa pag-unawa sa pagbasa. Binigyang-diin niya na ang malakas na pang-unawa sa panggramatika ay maaaring magsilbing prediktor ng matagumpay na pag-unawa sa teksto.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 9| September 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Bukod pa rito, ayon sa pag-aaral ni Mille, M. (2019) sinuri ang mga resulta ng mga pagsusulit sa gramatika at pag-unawa sa pagbasa. Natuklasan na ang mga mag-aaral na nagpakita ng mataas na antas ng kahusayang panggramatika ay may mas mataas na pagkakataong maunawaan at maipahayag ang mga kaisipan sa pamamagitan ng pagbasa. Ang kahusayan sa pag-unawa ay napatunayan na nauugnay sa pagiging mahusay sa gramatika, na nagpapakita ng kahalagahan ng pagtutok sa pagpapaunlad ng mga kasanayan sa gramatika upang mapabuti ang kakayahan sa pag-unawa sa pagbasa.

**Antas ng Kahusayang Panggramatika Pagkatapos Ipinatupad ang Interbensyon**

Ang pangkalahatang antas ng kahusayang panggramatika pagkatapos ipinatupad ang interbensyon mula sa lahat ng mga indikeytor nito: pagbasa, pagsulat, pagsasalita, pakikinig, at pag-unawa ay inilarawang napakataas. Ibig sabihin, lagi nang naipapakita ng mga mag-aaral ang kahusayan sa gramatikang aspekto pagkatapos ng paglapat ng interbensyon. Ito ay nagpapahiwatig lamang na ang interbenyong Aksyong 4Ps (Pagsulat, Pagsuri at Pagbigay ng Pidbak) ay napaunlad ang kahusayan ng mga mag-aaral sa ikasampung baitang sa paggamit ng wastong balarila sa wikang Filipino sa bawat pakikilahok sa klase.

Ayon kay Misa (2021), ang mga mag-aaral na nakakuha na mataas na porsyento sa pagpili ng wastong salita, kayarian ng pangungusap, at lohikal na organisasyon, lumalabas na mataas ang kanilang anking kahusayan sa pagsulat ng isang sanaysay at maging sa pagpapahayag ng ideya sa klase. Ang kagamitang pampagkatuto tulad ng modyul, visual aids, interaktibong aktibiti ay isang sangkap na nagpapataas sa kanilang kahusayan sa gramatika, sa pasulat man o pasalita.

Bukod dito, ayon ni Wanyuni et al. (2015) napansin din ang mataas na koneksyon o ugnayan sa pagitan ng kakayahang gramatika at pakikilahok ng mga mag-aaral. Naisiwalat na ang kanilang gramatikang kahusayan ay nakatutulong sa pagsasalita at sa mga gawaing may kinalaman sa kanilang pang-akademikong pakikilahok. Ang pagkakaroon ng kahusayan sa gramatika ay nagpapatibay sa kanilang self-esteem na isang salik sa maayos pagsasalita at sa pagganap sa mga kolaboratibong gawain sa loob ng paaralan.

Batay sa resulta sa antas ng kahusayang panggramatika batay sa pagbasa pagkatapos ipinatupad ang interbensyong 4Ps ay inilalarawang napakataas. Ibig sabihin, laging naipapakita ng mga mag-aaral ang kahusayan sa pagbasa. Ito ay nagpapahiwatig na epektibong nahasa ang kahusayan sa pagbasa ng respondente sa pamamagitan ng interbensyong 4Ps.

Ayon ni Reyes (2020), ang pagbasa ay isang pangunahing kasanayan sa pagpapaunlad ng kahusayang panggramatika sa wikang Filipino. Ang pag-unawa sa mga teksto at pagkilala sa tamang paggamit ng mga salita at bantas ay mahalaga sa paglinang ng kasanayan sa gramatika. Sa pamamagitan ng regular na pagbasa ng iba't ibang uri ng teksto, mas napapalawak ang bokabularyo at nauunawaan ang tamang paggamit ng mga pananda at pagkakabuo ng mga pangungusap (Reyes, 2020).

Higit pa rito, ayon kay Cruz (2019) ang kahusayan sa pagbasa ay maaaring magdulot ng positibong epekto sa pag-unlad ng kahusayang panggramatika. Ang mga mag-aaral na aktibo sa pagbasa ay may pagkakataong magkaroon ng sapat na kaalaman sa tamang paggamit ng mga salita at bantas sa Filipino. Ang kaalamang ito ay nagpapa-epektibo rin sa wastong pag-unawa.

Matapos ipatupad ang interbensyong 4Ps, ang pagsulat ay inilalarawang napakataas. Ibig sabihin, laging naipapakita ng mga mag-aaral ang kahusayan sa pagsulat. Ipinapakita nito na ang interbensyon ay epektibo sa pagpapabuti ng kanilang kahusayan sa pagsulat, na umaabot sa punto kung saan ang tamang pagsulat ng may wastong balarila ay hindi lamang madalas kundi palaging naipapakita ng mga mag-aaral.

Sa isang pag-aaral ni Garcia (2019), ipinakita rito na matapos ang interbensyon sa pagtuturo ng gramatika, laging naipapakita ng mga mag-aaral ang napakataas na antas ng kahusayang panggramatika sa kanilang mga akademikong sulatin. Ang interbensyon na ito ay kinabibilangan ng sistemang pang-edukasyon na nakatuon sa paglinang ng mga kasanayang panggramatika sa loob ng isang akademikong taon. Sa pamamagitan ng pagsusuri ng mga komposisyon bago at pagkatapos ng interbensyon, natuklasan ni Garcia na ang mga mag-aaral ay patuloy na nagpapakita ng kahusayang panggramatika sa kanilang mga sulatin, na nagpapahiwatig ng matibay na pang-unawa sa mga patakaran ng gramatika at kasanayan sa kanilang aplikasyon.

Sa ibang dako, sa pag-aaral nina Lee at Park (2021), kanilang tinukoy na ang mga mag-aaral na sumailalim sa interbensyong pang-edukasyon sa gramatika ay nagpapakita ng napakataas na antas ng kahusayang panggramatika sa kanilang mga sulatin matapos ang interbensyon. Ginamit ng mga mananaliksik ang mga komposisyon at iba pang akademikong gawain ng mga mag-aaral bago at pagkatapos ng programa. Sa kanilang mga resulta, lumitaw na ang mga mag-aaral ay hindi lamang nagpakita ng pansamantalang pag-unlad kundi patuloy na naipakikita ang tamang paggamit ng gramatika sa kanilang mga sumusulat.

Matapos ipatupad ang interbensyong 4Ps, ang pagsasalita ay inilalarawang napakataas. Ibig sabihin, laging naipapakita ng mga mag-aaral ang kahusayan sa pagsasalita. Ipinapakita nito na ang interbensyon ay epektibo sa pagpapabuti ng kanilang kahusayan sa gramatika partikular na sa pagsasalita. Nasanay ang mga mag-aaral sa pagsasalita sa klase gamit ang wikang Filipino nang may kompyansa sa sarili.

Ayon kay Manalo (2020), mahalaga ang gramatika sa pagbuo ng epektibong pagsasalita sa Filipino. Ang wastong paggamit ng mga tuntunin ng gramatika ay nagbibigay-daan sa malinaw at organisadong pagpapahayag ng mga ideya. Ang tamang estruktura ng pangungusap, wastong paggamit ng mga salita, at angkop na tono at estilo ay nagdudulot ng mas malinaw na mensahe. Sa pamamagitan ng tamang gramatika sa pagsasalita, nagiging mas epektibo ang pagsasalita, na mahalaga sa iba't

ibang konteksto tulad ng akademya, propesyonal na mundo, at pang-araw-araw na buhay.

Samantala, ayon nina Lee at Kim (2018) ang pagsasalita ay isang pangunahing kasanayan na kailangang paunlarin at pahalagahan. Ang pagtuturo ng sining ng pagsasalita ay mahalaga hindi lamang sa pagpapaunlad ng kasanayan sa komunikasyon ng mga mag-aaral kundi pati na rin sa kanilang pangkalahatang pag-unlad sa pag-aaral. Sa kanilang pananaliksik, binigyang-diin nila ang kahalagahan ng pagsasanay sa pagsasalita sa loob at labas ng silid-aralan upang matiyak ang maayos at epektibong pakikisalamuha sa lipunan.

Batay sa resulta, ang antas ng kahusayang panggramatika batay sa pakikinig pagkatapo ipinatupad ang interbensyong 4Ps ay inilalarawang napakataas. Nangangahulugan lamang na ang kahusayang panggramatika sa pakikinig ay madalas na naipapakita ng mga mag-aaral sa ikasampung baitang. Ito ay nagpapahiwatig na naroon pa rin ang aktibong pakikinig ng mga mag-aaral sa klase at hindi lamang nanatili bagkos nadaragdagan ang kanilang pananabik na makinig sa guro sa mga paksang tinatalakay sa asignaturang Filipino.

Ayon kay Ellis (2018), ang pakikinig ay mahalaga sa pagpapaunlad ng kahusayang panggramatika sapagkat ito ay nagbibigay ng oportunidad sa mga mag-aaral na makarinig ng mga modelo ng tama at maling paggamit ng wika. Sa pamamagitan ng regular na pag-expose sa tamang gamit ng wika, maaaring mapabuti ng mga mag-aaral ang kanilang kasanayan sa pag-unawa at paggamit ng gramatika.

Kaugnay rito, ipinapakita naman sa pagsusuri ni Gass (2020) na ang mga mag-aaral na mas mahusay sa pakikinig ay may tendensiyang magkaroon ng mas mataas na antas ng kahusayang panggramatika. Ang masinsinang pag-uusap at pagtutok sa kahusayang panggramatika sa konteksto ng pakikinig ay nagdudulot ng positibong epekto sa pag-unlad ng wika ng mga mag-aaral.

Matapos ipatupad ang interbensyong 4Ps, ang pag-unawa ay inilalarawang napakataas. Ibig sabihin, laging naipapakita ng mga mag-aaral ang kahusayan sa pag-unawa. Ito ay nagpapahiwatig na mas lalong napabuti ng intebensyon ang kritikal na pag-unawa ng mga mag-aaral sa kanilang mga binabasang pahayag o teksto sa Filipino.

Sa isang pag-aaral ni Nguyen et al. (2021), kanilang sinuri ang impluwensiya ng regular na pagtuturo ng gramatika sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sa ikalimang baitang. Matapos ang anim na buwang interbensyon, natuklasan ng mga mananaliksik na ang mga mag-aaral ay nagpakita ng matatag na pag-unawa sa pagbasa, na nauugnay sa mataas na antas ng kahusayang panggramatika. Ang mga resulta ay nagpapakita na ang regular at sistematikong pagtuturo ng gramatika ay nagdudulot ng positibong epekto sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral. Ipinapakita nito na ang tamang paggamit ng gramatika ay naging pangkaraniwan at matibay na bahagi ng kanilang kakayahan sa pag-unawa sa iba't ibang teksto.

Bilang karagdagan, sa isang pag-aaral nina Lee at Reyes (2022), kanilang inilahad ang mga resulta ng kanilang pananaliksik kung saan kanilang sinusuri ang epekto ng sistemang pagtuturo ng gramatika sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sa ikaanim na baitang. Ginamit ng mga mananaliksik ang mga pagsusulit sa panggramatika at mga pagsusulit sa pag-unawa sa pagbasa bago at pagkatapos ng interbensyon upang masukat ang pagbabago sa kasanayan ng mga mag-aaral. Natuklasan ng pag-aaral na matapos ang interbensyon, ang pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral ay nagpapakita ng makabuluhang pag-unlad. Ang mga mag-aaral na una nang may mataas na antas ng kahusayang panggramatika ay patuloy na nagpapakita ng napakataas na antas ng pag-unawa sa pagbasa. Ang mga resulta ay nagpapakita ng kahalagahan ng sistemang pagtuturo ng gramatika sa pagpapalalim ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pag-unawa ng mga teksto.

**Makabuluhang Pagkakaiba ng Kahusayang Panggramatika Bago at Pagkatapos ng Interbensyon**

Ang resulta ng makabuluhang pagkakaiba ng kahusayang panggramatika bago at pagkatapos ng Interbensyong 4Ps (Pagsulat, Pagsuri at Pagbigay ng Pidbak) ay nagsiwalat na mayroong makabuluhang pagkakaiba ang kahusayang panggramatika bago at pagkatapos ng nasabing interbensyon. Ito ay batay kung saan ang p-value ay hindi tinanggap ang haypotesis na nakasaad na walang makabuluhang pagkakaiba ang kahusayang panggramatika ng mga mag-aaral bago at pagkatapos ipinatupad ang interbensyon. Ito ay nangangahulugan lamang na malaki ang papel ng interbensyong 4Ps sa pagpapaunlad ng kahusayang panggramatika ng mga mag-aaral sa ikasampung baitang ng Asuncion National High School.

Ayon sa isang pag-aaral ni Dr. Ana Reyes, (2020) nagpapakita kung paano nakatutulong ang interbensyon sa pagpapabuti ng kahusayan sa gramatika ng mga mag-aaral, lalo na kung mababa ang antas ng kahusayan noong simula. Ang nagawang interbensyon sa pananaliksik ay na naglalayong mapabuti ang kasanayan sa gramatika ng mga mag-aaral na may mababang marka sa pre-test. Ginamit ng mananaliksik ang mga pagsasanay sa gramatika, indibidwal na tulong, at mga aktibidad sa pangkat upang suportahan ang kanilang pag-unlad. Matapos ang interbensyon, nagkaroon ng malaking pagtaas sa antas ng kahusayan sa gramatika ng mga mag-aaral na kasama sa pag-aaral. Ang mga resulta nito ay nagpapakita ng kahalagahan ng mga interbensyon sa pagtuturo para sa pagpapabuti ng kahusayan sa gramatika ng mga mag-aaral, lalo na sa mga may mababang antas ng kahusayan.

Samantala, ayon sa pag-aaral ni Santos, (2021) na nagpapakita ng kahalagahan ng interbensyon sa pagpapabuti ng kahusayan sa gramatika ng mga mag-aaral ay ang isinagawa. Sa pananaliksik na ito, sinuri ang epekto ng isang sistematikong programa ng interbensyon sa pagtuturo ng gramatika sa mga mag-aaral na may mababang antas ng kahusayan noong pre-test. Ginamit niya ang mga pagsasanay sa gramatika na may malalim na pag-unawa sa mga konsepto, pagsasanay sa pagsulat, at pagsusuri ng mga teksto para mapalakas ang kasanayan sa gramatika ng mga mag-aaral. Matapos ang interbensyon, naging mas mataas ang pag-angat sa antas ng

kahusayan sa gramatika ng mga mag-aaral na sumailalim sa interbensyon kumpara sa mga hindi. Ang mga resulta nito ay nagpapakita ng epektibong papel ng interbensyon sa pagpapabuti ng kahusayan sa gramatika ng mga mag-aaral, lalo na sa mga may mababang antas ng kahusayan.

## KONKLUSYON

Batay sa resulta ng pag-aaral, ang mga mag-aaral sa ikasampung baitang ng Asuncion National High School ay may mataas na antas ng kahusayang pangramatika bago ipinatupad ang interbensyon. Ibig sabihin, pinaboran ng mga respondente na ang kanilang angking kahusayang panggramatika batay sa pagbasa, pagsulat, pagsasalita, pakikinig at pag-unawa ay madalas lang nilang naipapakita sa klase sa Filipino.

Samantala, pagkatapos ng interbensyon, ang kahusayan panggramatika batay sa pagbasa, pagsulat, pagsasalita, pakikinig at pag-unawa ay napakataas. Ibig sabihin, palagi nang naipapakita ng mga mag-aaral sa bawat klase sa Filipino ang kahusayan sa panggramatika pagkatapos ng interbensyong 4Ps.

Sa kabilang dako, ipinapakita ng pangkalahatang resulta na may makabuluhang pagkakaiba ang kahusayang panggramatika bago at pagkatapos ng interbensyon. Dahil ang null haypotesis ay hindi tinanggap, nangangahulgan lamang na ang p-value ng dalawang baryabol ay mas mababa sa antas ng kahalagan.

Bilang karagdagan, dahil ang resulta sa pag-aaral na ito ay nagsiwalat may makabuluhang pagkakaiba ang kahusayan panggaramatika bago at pagkatapos ng interbensyon sa mga mag-aaral sa ikasampung baitang ng Asuncion National High School. Kaya, iminumungkahi ng mga mananaliksik na ipagpatuloy ng mga guro ang interbensyong 4Ps (Pagsulat, Pagsusuri at Pagbibigay ng Pidbak) upang mapaunlad pa ang kahusayan ng mga mag-aaral sa gramatika aspekto. Hindi lamang ito ipagpapatuloy sa ikasampung baitang kundi sa lahat na rin ng baitang sa maatas na paaralan ng Asuncion at maaari din itong gamitin ng iba pang paaralan upang matugunan din ang kanilang pangailang kaugnay rito.

## TALASANGGUNIAN

1. *Bautista, M. L. S. (2020). Pananaliksik sa Kahusayan ng Pagsasanay sa Filipino: Isang Pagsusuri. Sentro ng Wikang Filipino, Unibersidad ng Pilipinas.*
2. *Brown, M. (2022). Exploring Factors Influencing Secondary Students' Understanding of Historical Events: A Comparative Study. History Education Quarterly, 40(3), 367-382.*
3. *Cruz, M. (2019). Ang Kritikal na Kasanayan sa Pagsulat sa Filipino: Implikasyon sa Akademikong Edukasyon. Quezon City: Sentro ng Wikang Filipino.*
4. *Dela Cruz, R. (2022). Epekto ng Kakulangan sa Pagsulat sa Tagumpay ng Mag-aaral sa Filipino. Quezon City: Kaunlaran Publications.*
5. *Din, R. (2020). "The Role of Grammar Proficiency in Reading Comprehension: Evidence from a Study of High School Students." Journal of Educational Psychology, 36(3), 215-230.*
6. *Ellis, R. (2020). The Methodology of Task-Based Teaching. Asian EFL Journal, 8(3), 19-45.*
7. *Gass, S. (2020). Input, Interaction, and the Second Language Learner. Lawrence Erlbaum Associates.*
8. *García, A. B. (2019). Kahusayang panggramatika sa pagsasalita: Isang Pananaliksik sa mga Mag-aaral ng Mataas na Paaralan. Unpublished undergraduate thesis, Pamantasang Lungsod ng Maynila, Maynila, Pilipinas.*
9. *Graham, S. (2019). Writing. In P. Alexander & P. Winne (Eds), Handbook of Educational Psychology (2nd ed.). Lawrence Erlbaum Associates*
10. *Lee, D., & Kim, S. (2018). The Importance of Teaching Public Speaking in Education. Educational Psychology Review, 29(3), 315-330.*
11. *Lee, J. (2019) American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR) Conquer Grammar, Singapore Asia Publisher Ptc.Ltd.*
12. *Lightbown, P. M., & Spada, N. (2019). How Languages are Learned. Oxford University Press.*
13. *Manalo, R. E. (2020). "Ang Papel ng Gramatika sa Epektibong Pagsasalita at Pagsulat sa Filipino." Philippine Journal of Education, 24(1), 72-85.*
14. *Mille, M. (2019). "The Relationship Between Grammar Proficiency and Reading Comprehension Among High School Students." Journal of Language Education, 25(2), 45-58.*
15. *Misa, Rex (2021). Kakayahan sa Panggramatikang Filipino ng mga Mag-aaral ng Grade 9 Laboratory High School ng Ramon Magsaysay State University. AJSSR, 5(10), pp-58-68.*
16. *Najat, Aza. (2020). Difficulties and Problems students face in English grammar – Soran University students. ResearchGate.*
17. *Nguyen, H., Smith, K., & Johnson, M. (2021). The Impact of Grammar Instruction on Reading Comprehension in Fifth Grade Students. Journal of Educational Research, 49(4), 412-425.*
18. *Reyes, L. (2020). Kakulangan sa Kaalaman sa Pagpapahayag: Isang Pananaliksik sa mga Estudyante ng Filipino. Manila: Pambansang Unibersidad ng Pilipinas.*
19. *Samson, J. (2020). Pananaliksik sa Pag-unlad ng Gramatika sa Filipino: Isang Pagsusuri. Unibersidad ng Pilipinas, Diliman.*
20. *Santos, J. (2021). Pagpapahalaga sa Wastong Pagsusulat sa Wikang Filipino. Manila: Unang Aklat Publications.*
21. *Vandergrift, L. (2020). Listening to Learn or Learning to Listen? Annual Review of Applied Linguistics, 24, 3-25*